# Sayaw sa Obando: Diskurso ng pagpapatibay ng pananampalataya at pagpapanatili ng kultura

**Marvin R. Reyes**
College of Arts and Sciences
San Beda University, Manila, Philippines
mreyes@sanbeda.edu.ph

**Abstract**

Kaakibat na ng pananampalatayang Katolisismo ang debosyon sa mga santo lalo na kung ang mga ito ay nagdudulot ng grasya sa kani-kanilang buhay. May mga kahilingan ang bawat tao na sa kanyang pananaw ito ang makakapagdulot ng kabutihan sa kanyang buhay. Isa sa mga debosyon na masasabing impluwensya na rin ng Kristiyanismo sa Pilipinas ang pagsasayaw at paghiling ng anak, asawa (o kasintahan) at trabaho sa Obando, Bulacan. Sa buong kapistahan, sayaw ang banal na ritwal na idinadayo ng mga tao bilang tulay o instrumento na siyang nakakapanlapit sa mga pintakasi o patron upang maatim ang kani-kanilang mga kahilingan. Ang kapistahan ang isa sa pinakamanipestasyon ng pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng mga santo. Sa unang bahagi ng pagtalakay, makikita kung paano hindi nababago ang pagdiriwang ng Kapistahan sa kabila ng bagong hugis ng panahon, modernisasyon at iba pang radikal na paniniwala. Sa ikalawang bahagi ng pagtalakay, bagamat ang unang kaligiran ng pagdiriwang ng kapistahan ang pagdakila sa isang santo bilang sugo ng Diyos sa tao, dahil sa pagpapalit ng panahon, nagkakaroon ng ibang anyo ang pagdiriwang ng kapistahan at nawawala ang esensya ng pagbibigay ng grasya ng isang pintakasi, bagkus nagiging isang sekular at sa halip na bigyang-pugay ang isang santo, nagkakaroon ng selebrasyon dahil sa promosyon sa mga produkto ng isang lugar o sa isang gawi na dahilan kung bakit nakilala ang lugar na iyon. Kung gayon, sa pamamagitan ng pagsusuri sa kapistahan sa Obando, Bulacan, masasabing kahit na ano pa ang mangyaring hamon sa pananampalataya, hindi pa rin mababago nito ang dalisay na layunin kung bakit naninikluhod at nanampalataya at higit sa lahat naniniwala sa isang konsepto ng pananampalataya.

***Keywords:*** Kultura, Fertility Dance, Obando, Pananampalataya, Pista, Sekular

## Panimula

Bahagi na ng kasaysayan isang sibilisasyon ang kultura at pananampalataya. Sa mas malaking perspektibo at pagtanggap, hindi maiaalis ang ugnayan ng dalawang ito. Laman ng kultura ang mga himay ng pananampalataya at nagmimistulang isang pananampalataya ang ilan sa mga impluwensya ng kultura. Matapos ang kolonisasyon, isa sa mga naging impluwensya ng paggamit ng relihiyon sa pagpapalaganap nito sa Pilipinas ang pagdaraon ng mga kapistahan. Kung titingnan ang kasaysayan, nagsimula ang pagdaraos ng mga kapistahan nang simulang hikiyatin ang mga sinaunang Pilipino sa sigla at ritwal na mayroon ang Kristiyanismo. (Wendt, 1988).

Magmula noon, naging malaking salik ang relihiyon bilang pinakamalakas na puwersa upang maramdaman ang pagpapalaganap ng Katolisismo. Sa kabila nito, bagamat naging marahas ang pamamaraan ng pagsakop, naging malaking tulong ang relihiyon upang mas higit na makilala ng mga sinaunang Pilipino ang itinuturing ng mga Kristiyano na Diyos. Sa pagtawid sa kasalukuyang panahon, hindi na nakikita ang lente ng pagsakop bilang isang masaklap na sitwasyon ng mga Pilipino noon. Sa kabila ng mga pulitikal, heograpikal at ekonomikal na mga salik na nagpabago sa Pilipinas sa kasalukuyan, kahit sabihin pang naisasalba na ang bansa sa kondisyong post kolonyal, isang bagay ang hindi maiiaalis na bakas ng kolonyalisasyon. Ito'y walang iba kundi ang pagpapalaganap ng pananampalatayang Kristiyanismo-Katolisismo. Sa tagal ng paglagi ng mga Kastila, relihiyon ang naging pinakaepektibong kontribusyon hindi lamang upang sila'y makilala kundi pati na rin magkaoon ng panibagong espiritwal na sandigan ang mga Pilipino. Naging matagumpay ang pagsakop at kahit sabihin pa na napakaraming hindi matanggap na epekto ng kolonyalismo, naging matibay ang relihiyon bilang manipestasyon ng pagsakop lalo't higit sa paghahanap ng kabuluhan at kahulugan sa buhay. Sa kasalukuyan, ang epektong ito ang naging matibay na pundasyon kung bakit sinasabing marapat na ipagdiwang ang Kristiyanismo sa Pilipinas sa loob ng 500 taon. Sa perpektibo ng simbahan, 500 taon ng pagpapalaganap ng pananampalataya ang fokus ng pagbabalik-tanaw o selebrasyon. Indikasyon ito ng grasya at biyaya ng Diyos sa mga Pilipino. Sa perspektibo ng gobyerno, pagdiriwang naman ito ng 500 taon ng tinatawag na *circumnavigation* ng mga Kastila dahilan upang matuklasan ang Pilipinas.

May sarili nang pamamaraan ng pananampalataya ang mga sinaunang Pilipino noon pa man. Naging matibay na moog ang kapangyarihan ng isang datu bilang siyang tagapaghatol sa mga nakakagawa ng mga sibil o moral na krimen. Isang solidong atas ang mayroon ang datu lalo't sa panahon ng mga Maharlika (Scott, 1980). Bago pa man ang pagkakatuklas sa Pilipinas, naging malakas na puwersa ang mga nagpupuntahan sa mga isla sa Visayas o ang tinatawag na *Sri Vidjaya Empire Kingdom Era*. Mula sa larangan ng komersyo hanggang sa pagpapalaganap ng pananampalataya na nakasentro sa Budismo, kumalat ito sa buong kapuluan ng mga rehiyon sa Malay subalit walang direktang naging epekto ito sa pamamaraan ng sinaunang pananampalataya ng mga Pilipino noon (https://www.britannica.com/place/Srivijaya-empire) na taglay ang pagbibigay-samba sa mga puwersa ng kalikasan o ang tinatawag na animismo. Tulad noong panahon ng Sri Vidjaya Kingdom, hindi rin ganong nagkaroon ng malaking epekto sa paghulma ng sinaunang pananampalatayang Pilipino ang panahon ng *Madjapahit Empire*. Bagamat maraming historyador ang nag-aako ng impluwensya nito, masasabing hindi ito ganong nagkaroon ng malaking epekto sa sinaunang pananampalatayang Pilipino. Tulad ng ikalawang panahong nabanggit, Budismo ang ipinapalaganap sa Madjapahit Empire. Iyon nga lamang, sa kabila ng maraming dokumento na nagpapaliwanag sa nangyari sa panahong ito, ayon sa isang iskolar na si Gomez (1967), wala ding direktang naging lapit ang panahong ito sa sinaunang pananampalatayang Pilipino;

> Hindi lahat ng mga iskolar ay sumasang-ayon na ang Brunei at Borneo ay siyang tunay na target ng Madjapahit, walang matibay na pangkasasaysayan at arkeolohikal na pagkakatuklas. Kulang din ang suportang dokumento mula sa mga rehiyunal na historyador ng Borneo at Brunei. Hanggat hindi natatahi ang kakulangang ito sa mga nabanggit na bansa sa Southeast Asia, maituturing na walang kasiguraduhan pagdating din sa usapin ng panahong ito sa Pilipinas. (salin)

Sa kabila ng lahat ng pagdaan ng mga panahong ito, ang pagsakop ng mga Kastila ang isa sa mga naging mitsa upang makabuo ng isang pamamaraan ng pananampalataya na naisasabuhay pa rin magpasahanggang ngayon. Isang simbulo ang pagreregalo ni Ferdinand Magellan kay Rajah Humabon ng imahen ng Sto. Niño sa pagtuntong ng mga mananakop at ang paggamit nila ng pananampalataya upang maipalaganap ang kanilang relihiyon. Binigyang termino ito bilang pagdiriwang ng *Sinulog* o sa salitang Sebuano ang ibig sabihin ay

*pagdaloy*. Sa ganang konsepto ng pagdiriwang, ang pagsayaw ang nagmimistulang daloy na bumubungkal sa pananampalataya kaakibat ang kagalakan at kasiyahan. (Maiquez, 2016).

Isang napakalaking imahen ang Sto.Niño bilang simbulikal na pagluwal ng iba pang aspekto ng pananampalatayang pang-Kristiyano Katoliko. Ito rin ang nagmistulang tulay ng ugnayan ng historikal-kultural at panrelihiyong lebel ng pang-unawa sa identidad ng bansang Pilipinas. Sa pagdaan ng panahon, naging isang malaking pagdiriwang tuwing buwan ng Enero ang Sto.Niño bilang pagpupugay sa batang si Kristo. Sa ganitong paraan higit na nakikita ang pakikipag-ugnayan ng isang Diyos na nagpakatao para sa sangkatauhan.

> May isang nilalayon ang pagpapakita ng pagiging bata ni Kristo. Upang ihayag sa mundo na maroon siyang kakaibang kapangyarihan bilang Diyos at tao. May kakayahan siyang pahinahunin ang mga marahas, at siyang namumuno sa araw ng pangolin kaya't nagpapakita siya ng kakayahan bilang Anak ng Tao. Si Hesus ang tagalunas at tagapagpanatili ng kalusugan maging ng buhay. (Roten & Janssen, 2014) (salin)

Higit na mas nakikilala ng tao ang Diyos. Dito ay mas napapaigiting pa ang kanyang pananampalataya at nagbubunga ang kanyang pagtitiwala dahil bumabalik sa mas payak na perspektibo ng pamumuhay dahil sa batang si Kristo. Ito rin ang nagbunsod kung bakit isang malaking salik ang pagdiriwang ng Sto. Niño sa iba't ibang panig ng bansa, isa na rito ang pagdiriwang na ginaganap sa San Beda University.

Isang mahalagang selebrasyon ang kapistahan ng Sto. Niño sa San Beda University dahil inilalaan ang huling Biyernes, Sabado at Linggo ng Enero para rito. Sa loob ng tatlong araw o ang tinatawag na triduum (Biyernes-Linggo), nagkakaroon ng iba't ibang gawain mula sa mga estudyante, guro at propesor, mga kawani, administrador at ang mga monghe ng Our Lady of Montserrat Abbey sa puso ng Maynila.

Isa ang Sto. Niño de Prague sa mga nakikisabay sa mga kapistahan ng Sto. Niño sa Pilipinas tuwing Enero. Bagamat masasabing hindi tulad ng ibang kapistahan sa ngalan ng Sto. Niño na umiikit sa higit na mas popular na nosyon ng selebrasyon (sapagkat limitado lamang ito sa komunidad ng San Beda University), simbulo ang Sto. Niño de Prague ng kapistahan ng batang si Kristo sa pamamaraan ng mga Benediktino.

> Nagsimula ang kasaysayan ng Banal na Sanggol na si Hesus ng Prague noong Ika-17 siglo kung saan idinala ang rebulto ng Batang Hesus sa Bohemia (na Czech Republic ngayon) na malaon ibinigay sa mga Discalced Carmelites ng Prague. Mula noon, nanatili ang rebulto sa Prague at pumukaw ng mga deboto sa buong mundo sa karangalan ng Banal na Sanggol. Maraming biyaya, kahilingan at mga himala ang mga natatanggap ng mga humihiling sa Batang si Hesus. (Wong, 2019) (salin)

Masasabing nagsimula ang pagdiriwang ng buong komunidad ng San Beda University noong 1904 sa pamamagitan ng *Confraternity of the Infant Jesus*, ang mga unang estudyante ng noo'y Colegio de San Beda at pinangasiwaan ang unang prosesyon noong Enero 17. (Echoes, 1974). Mula noon, naging bahagi na ng taon-taong gawain ng institusyon ang iba pang gawain na inangkla sa mga tradisyunal na kapistahang Pilipino. Ayon sa mga Benediktino, ang pagdiriwang ng Pista ng Sto. Niño ang isa sa pinakamahalagang bahagi ng paghulma sa mga Bedista, ang tawag sa mga mag-aaral ng San Beda sapagkat ang panrelihiyong salik ng pag-unlad ng karunungan ang sentro at esensya ng pagsunod kay San Benito at kay San Benediktino. Kung tutuusin, walang sinuman ang makakapagpigil sa ganitong siklo ng panrelihiyong gawain dahil noong panahon ng mga digmaang pandaigdig hanggang sa kasalukuyang nararanasang makabagong pandemya, tuloy pa rin ang pagsusulong ng kapistahan na siyang dalisay na pundasyon ng isang pananampalataya. Pananampalataya ang nag-uugnay sa tao at sa Diyos. Nailalarawan ito sa pamamagitan ng debosyon. Ang debosyon ang pinakamatibay na tulay na mayroon noon pa man bago pa ang kolonyalismo hanggang sa kasalukuyang panahon at isa sa pinakamakapangyarihang epekto ng kolonyalisasyon, ang pananampalatayang Kristiyanismo Katolisismo. Kung ano ang mayroon sa paraan ng pananampalataya noong panahong bago pa man ang mga mananakop, iyon din naman ang lebel ng pananampalatayang taglay na mayroon ang mga pangkasalukuyang Pilipinong mananampalataya. Iyon nga lamang, taglay nito ang ikinagisnang pananampalataya na siyang tampulan ng kalakasan ng tao sa pakikitungo sa buhay. Itong pananampalatayang ito ang taglay din ng iba pang kapistahan tulad ng kapistahan ng pagsasayaw sa Obando, Bulacan.

**Paglalahad ng suliranin**

Sa pag-aaral na ito, sasagutin ang mga sumusunod na katanungan;

May epekto pa ba ang pagdiriwang ng kapistahan ng Fertility Dance sa kabila ng pag-unlad at pababagu-bagong panahon at pagkakaroon ng mga sekular na uri ng kapistahan? Paano napapanatili ng pananampalataya ang pagpreserba ng kultura sa isang lipunan?

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Sa kontexto ng pagtalakay sa kapistahan bilang paraan ng pagpapaigting ng pananampalataya, nahuhulma ang pagtunghay sa Diyos bilang pinakadakilang paraan ng pagpupuri rito. Sa ganitong paraan ng pagsusuri, matutukoy na may kabuluhan pa rin ang mga ganitong pagdiriwang sa kabila ng pag-usbong ng mga hamon ng panahon at pagkakaroon ng mga tinatawag na sekular na kapistahan.

**Mga Layunin ng Pag-aaral**

1. Mabigyan ng kumprehensibong pagtalakay hinggil sa kulay, simbulismo at pagpapakahulugan ng pagdiriwang ng kapistahan ng Fertility Dance sa Obando, Bulacan.
2. Mailahad ang mga manipestasyon ng pananampalataya na kaakibat ng debosyon sa mga pintakasi ng Obando, Bulacan.
3. Maiugnay ang mga gawa ng pananampalataya sa pagbuo ng kultural na implikasyon sa lipunan.
4. Makapagtatag ng isang konsepto ng ugnayan ng pananampalataya o debosyon sa kultural na implikasyon ng pagdiriwang ng kapistahan sa isang lipunan.
5. Mailarawan ang kabuluhan ng isang kapistahan sa kabila ng isang mapanghamon at pabago-bagong panahon lalo na sa pagkakaroon ng tinatawag na mga sekular na kapistahan.

**Metodolohiya**

Sa papel na ito, pagtutuunan ng pansin ang mga tala hinggil sa pagdiriwang ng Kapistahan partikular na ang paraan kung paano ito nasusuri sa pamamagitan ng ***kwalitativ na lapit***. Kug gayon, archival ang magiging paraan ng pagtuon sa metodolohiya ng pagdisenyo sa pananaliksik. Pagtutuunan ng pansin ang mga pag-aaral na may kinalaman sa mga simbulo at pagpapakahulugan ng Kapistahan sa Pilipinas partikular na ang *Kasinolawan* at ang kaugnayan nito sa iba pang Kapistahan. Kakalap ng mga datos mula sa dalawang batis ng pagdiriwang ng Pista, ang pagdiriwang alang-alang sa isang banal o santo at pagdiriwang sa

ngalan ng produktong ipinagmamalaki na mayroon sa isang partikular na lugar.

Isang napakalaki ring salik ang pagiging taga-Obando ng tagapagsaliksik simula't sapul kung kaya't ang ilan sa mga tala na nasulat dito ay alinsunod sa nakagisnan at nakalakihang paniniwala, gawi, tradisyon at karanasan na mayroon sa lipunan sa Obando partikular na ang pagdiriwang ng mga Kapistahan dito.

***Ang Kapistahan sa Obando Bulacan***

Tulad ng ibang kapistahan sa Pilipinas, makulay, maingay, dynamiko subalit makabuluhan ang isinasagawa sa Obando, Bulacan. Gaya ng pagdiriwang ng kapistahan ng Sto. Niño de Prague sa San Beda University na isang triduum, tuwing Mayo 17, 18 at 19, nagmimistulang isang panibagong mundo ang munisipalidad ng Obando dahil sa paghahanda ng mga lokal at sa pagbisita ng mga dayuhan, mula sa iba't ibang panig ng Pilipinas at mundo. Hindi kalayuan ang bayan ng Obando na 16 kilometro lamang mula sa Maynila. Nakapalibot ito sa Valenzuela City, Malabon City at Navotas City. Hindi rin pahirapan kung bibiyahe mula Obando papuntang Maynila o Maynila sa Obando sapagkat komon na ito sa mga lokal kaya't ganon na lang ang pasok ng mga dayuhan sa panahon ng Kapistahan.

Tipikal ding maituturing ang kapistahan dito tulad din sa ibang bayan. Mula sa pagnonobena bago ang mga araw ng pagdiriwang, prusisyon at mga misa. Noong mga nagdaang dekada, bukod sa mga liturhikal na ritwal, masisilayan din sa kapistahan ang tinatawag na *sedera* o mga pinasadyang maliliit na tindahan (na kadalasan yari sa mga papag o folding bed at pinapayungan lamang ng kubol) na hinahayaan na magbenta ng mga pagkain (partikular na ang tulad ng mga kakaning malagkit, suman, kasoy at kalamay) laruan, gamit sa bahay, damit at kung anu-ano pa. Kahilera nito ang ilang *rides* tulad ng tsubibo at *ferris wheel* na talaga namang pinipilahan ng mga tao. Kasabay ng pistang bayan ang kapistahan din ng ilan sa mga baryo na may kani-kanila ring patron (subalit madalas sa mga patron ng mga ito ay ang patron na Sta. Cruz o ang krus na pinagpakuan ni Kristo subalit ang mga kasabay sa eksaktong pista ng bayan, gamit din nila ang patron na iniluluklok sa araw ng pista tulad ni San Pascual Baylon sa Brgy. San Pascual). Hindi magmayaw ang mga lokal sa kanilang paghahanda. May mga naghahanda sa loob ng tatlong araw ng pista, may mga naghahanda naman kung papatak ang kanilang pistang baranggay sa araw ng pistang bayan at may mga naghahanda

naman kung kinakailangan lamang (halimbawa kung may bisitang darating). Umaalingasngas ang tunog ng mga banda ng musiko (sa Obando, tinatawag itong musikong bumbong *i.e.*, mga intrumentong yari sa kawayan) na umiikot sa buong bayan. Kasaliw nito ang mga tao na naglalakad sa kalsada at nagdedekorasyon ng mga banderitas o nagtatayo ng mga arko sa kani-kanilang mga eskinita. Iyon ang mga pangunahing eksena sa tuwing sasapit ang pistang bayan. Subalit ang isa sa mga inaabangan sa kapistahan ng Obando ay walang iba kundi ang gawain kung saan bantog ito, ang sayaw o *Kasinolawan*.

***Ang sayaw sa Obando, Bulacan***

Isang ritwal sa pagpapaanak ang nosyon ng Kasinolawan. Iniuugnay ito sa kapistahan ng Obando sapagkat noong bago ang kolonisasyon, ginagamit ang sayaw-ritwal ng mga babaylan upang mag-alay sa mga diyos ng kalikasan (Sese & Landy, 2016). Inihalili ng mga Kastila ang mga santo sa mga diyos-diyosan at dito nabagtas ang grasyang maaaring maibigay ni Santa Clara sa mga humihiling na magkaroon ng anak.

Sa tatlong araw ng kapistahan, idinadakila ang pagpapala ng tatlong santo. Sa unang araw, Mayo 17, itinuturing ito bilang kapistahan ni San Pascual Baylon. Sa buong mundo, ang pagdiriwang ng kapistahan ni San Pasual ay higit na nakikilala dahil sa taglay nitong mataas na debosyon sa Banal na Eukaristiya. Sa ikalawang-araw naman, ang Mayo 18, itinatanghal sa Obando ang kapistahan ni Santa Clara, na may kaugnayang personal kay San Pascual. Maiuugnay ang debosyon sa kanya sa paghingi ng anak at marahil isa sa pinakasikat na ritwal na inuugnay pa rin sa kanya ang pag-aalay ng mga itlog para sa isang mamunting hiling na madalas hinggil sa hindi pag-ulan upang magbigay-daan sa isang mahalagang okasyon. Sa katunayan, buwan ng Agosto ang kanyang kapistahan na batid ng nakakarami subalit taliwas dito ang nakasanayan na sa Obando. Sa ikatlong-araw, Mayo 19, ang pintakasi naman na Nuestra Señora de Salambao. Ayon sa mga palipat-dilang kuwento, nakuha ng mga mangingisda ang imahen nito sa isang ilog sa pagitan ng Obando at Malabon. Napagpasyahan ng mga mangingisda na dalhin ito sa Malabon subalit hindi umandar ang kanilang bangkang de motor. Nang kanilang maisip na dalhin ito sa Obando, biglang kumaripas ang andar ng banka at saka ito naialay at nailuklok sa naturang bayan.

Sa kasayayan, nabanggit ang bayan ng Obando sa nobelang Noli Me Tangere sa Kabanata 6 kung saan dito humiling si Kapitan Tiago at

nagbunga ng isang Maria Clara. Mula noon, higit nang naging bantog at dinarayo ang bayang ito dahil sa kakaiba nitong pamamaraan ng kapistahan. Hindi lamang sa kahilingan ng pagkakaroon ng anak dinarayo ng mga mananampalataya ang Obando. May mga humihiling din ng asawa o nobyo (sa kadakilaan nina San Pascual at Santa Clara) at may mga humihiling ng trabaho o negosyo (sa kadakilaan ng Nuestra Señora de Salambao). Sa misa bago mananghalian, matapos ang pag-iikot ng prusisyon sa ilang bahagi ng kabayanan, magtitipun-tipon ang mga tao sa loob ng simbahan at doon ay sama-samang sasayawin ang sayaw ng pananampalataya (Santa Clara pinung-pino) samantalang nakikinig sa mga testimonya ng mga nabiyayaan sa ngalan ng pananampalataya sa Diyos sa tulong nga mga patron na sina San Pascual, Santa Clara at Nuestra Señora de Salambao.

Nakakaindak ang musikang taglay sa pag-indayog ng mga sayaw ng Kasinolawan. Saliw ito ng mga tradisyunal na elemento ng isang musika. Subalit tulad ng mga sinaunang hakbang ng pagsasayaw, may laman at pinagmulan ang mga indayog sa tinaguriang *fertility dance* na ito. May kabuluhan ang bawat yugto ng pagsasayaw sa Obando. Isang madamdamin at sinaunang balse ang sayaw sa Obando kaakibat ang tugtuging Santa Clara Pinung-pino samantalang ikinakampay nang pataas at pababa ang mga kamay, hiihimas ang sinapupunan at pinagbubuti ang indayog ng balakang na waring nagmamakaawang bigyan ng bunga ang kanilang pagmamahalan. (Domingo, 2007). Sa bawat monstra ng mga bahagi ng katawan, nangungusap ang mga tilamsik nito pataaas sa Maykapal upang masabi ang mga hiling sa tulong ng mga Dakilang Santo. Nasa ibaba ang detalyadong deskripsyon ng mga hakbang sa pagsasayaw sa Obando (Domingo, 2007).

**Talaan 1.**

*Mga Hakbang sa Pagsasayaw sa Obando*

| Hakbang | Katawagan/Kahulugan | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Engaño | Simula sa kanang paa gumawa ng balse (*waltz*) pakanan bilang 1-2-3. Ulitin sa kaliwa bilang 1-2-3. Ulitin sa kaliwa, kamay nakatikom nakaturo sa itaas ang hinlalaki, nakabaluktot ang braso mula sa siko nang pantay ang dibdib samantalang isinasagawa ito. | "Panginoon, naniniwala kaming bibigyan ninyo kami ng supling" (Sese & Landy, 2016) |

**Talaan 1.**

*Ipinagpatuloy*

| Hakbang | Katawagan/Kahulugan | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 2. Libad | Simula sa kanang paa, gumawa ng isang pa-krus na padyak sa kaliwang paa, bahagyang ibaluktot ang tuhod bilang 1-2-3, ulitin paikot sa likod ng kaliwang paa bilang 1-2-3. Kamay sa kilos ng Hayon-hayon. Simula sa kanang paa, gumawa ng isang balse pakanan, kamay sa ika apat na posisyon bilang 1-2-2. Ulitin sa kaliwa salitan ang kamay. | “Panginoon, pagalingin niyo po kami” (Sese & Landy, 2016) |
| 3. Paghingi | Siumula sa kanang paa, gumawa ng balse pasulong kamay imbay na pataas nakalahad ang mga palad parang sinasabing *Pagkalooban mo po Kami ng Anak* bilang 1-2-3. Simula sa kanang paa isang babae na paurong kamay imbay na pababa patungo sa sinapupunan na hinimas-himas, ang kamay ng lalaki ay ilalagay sa beywang. | “Panginoon, bigyan po Ninyo kami ng supling” (Sese & Landy, 2016) |
| 4. Balse Lateral | Simula sa kanang paa gumawa ng isang balse sa pakanan bilang 1-2-3 kamay sa posisyong lateral pantay balikat. | ”Sabay tayong manalig” (Paghahawak kamay ng mag-asawa) (salin at interpretasyon ng nagsusulat) |
| 5. Pasasalamat | Simula sa paanang nasa labas ng magkakapareha, gumawa ng isang balseng pakrus sa paanang nasa loob ng magkaparehas bilang 1-2-3. Maghaharap ang magkapareha, kamay -kampay papasok sa kilos lateral patungo sa dibdib (parang sinasabing Salamat po, Salamat po). Uliting papalabas ang balse magkakatalikod ang mga magkakapareha kamay kampay papalabas sa ayos na lateral pantay balikat bilang 1-2-3. | “Kayo na po ang bahala, salamat po!” (Pag-indayog ng mag-asawa bilang hudyat ng pasasalamat) (salin at interpretasyon ng nagsusulat) |

Subalit nang lumipas na ang panahon, bagamat naka-angkla pa rin sa nakasanayang hakbang ang pagsasayaw sa Obando, nagkakaroon pa rin ng ibang mga interpretasyon.

> Unti-unting ipinakilala sa mga Pilipino ang kultura ng radyo at pelikula, ang "*Cola-cola*" at ang mga mahaharot na sayaw tulad ng "*Charleston*", "*Foxtrot*" at iba pa. Ang mga romerong mananayaw ay hindi lamang nagpapandanggo kundi nagsimulang umindak na rin ng "*Charleston*" sa saliw ng tugtog ng musikong bayan na natutong tumugtog ng mga mahaharot na musika. Ang Obando ay nagmistulang karnabal, isang bayluhan upang ipamalas ng bawat isa ang kanilang kakayahan sa pagsayaw. Ang mga romero ay nagkanya-kanya ng istilo - may makalumang pagpapandanggo, may makabagong nagpa-"*foxtrot*", nagru-"*rhumba*" at nagta-"*tango*". Ganito natin mapag-aalam kung papaano ang iba't-ibang impluwensiyang pangkultura mula sa labas ng bansa ay makaapekto sa anyo at takbo ng ating sariling tradisyon (Delos Reyes, 2001).

Sa kabila nito, iisa lang naman ang binabagtas ng pagsasayaw. Ito'y walang iba kundi ang pag-aalay ng sarili sa ngalan ng paghiling bilang pananalig sa grasya ng tatlong patron. Dito nagkakaroon ng barometro ang lakas ng pananalig ng mga deboto. Ang isang simpleng mga panalangin para sa ilang mga kahilingan, nabibigyan pa ng mas estetiko at masining na kaparaanan. Maituturing kung gayon ang sayaw bilang kaakibat ng isang mas maigtng na mekanismo upang maisalalak pa ang isang hiling sa pamamagitan ng mga santo papunta sa Diyos.

> Nagpapahayag ang sayaw ng mga kahulugan sa pamamagitan ng mga ganoong gawi kung saan ito isinasayaw, ang katawan kung saan ang siyang ginagamit upang makasayaw ang siyang nababanaag na siyang napapansin kapag ito'y ginagalaw ats sa bawat galaw, may mga istorya sa likod nito, at ang bawat kilos ay nagpapahayag ng mga gawi o istilo na nagpapakita ng kahalagahan ng isang pananampalataya na siyang daan upang magkarron ng linaw at makita ang taglay nitong ipinapahayag gaya ng sa awit. (karisma, enerhiya) (Hanna, 1988) (salin)

Pruweba ang mga sayaw bilang isang gawain na nag-uugnay sa isang estado ng kabanalan. Mas panatag ang tao na humiling sa Diyos sapagkat isang panibagong buhay (anak o kasintahan) o kabuhayan (trabaho) ang taglay nitong hiling bilang simbulo ng kanyang awa at basbas.

> Narito ang pagpapakita ng nais ipahiwatig at pagkakaiba sa malakihang naratibo. Narito ang isang pagpapakita na may utopia. Sa ganitong paraan, nagbibigay ang isang Kaharian ng isang huwarang saysay ng pagkakaisa sa loob ng isang lipunan, kung saan ang pagkakaiba, isinasaalang-alang ang kahalagahan ng pagkakaiba at ang kabaligtaran nito. Ganito naman ang pamamaraan ng pamumuhay noong wala pa ang kahusayan ng panahon. Ito, sa isip natin, gumagawa ng isang malawak na espasyo. (Guevarra, et.al., 2014) (salin)

Ang ganitong kapistahan na idinudulot ng sayaw sa Obando ay napapakita hindi lamang ng panrelihiyong aspekto ng isang pagdiriwang kundi ng sosyo-kultural na impluwensya. Dahil sa espiritwal na salik na hila ng pagdiriwang ng isang pista, naitataguyod nito ang iba pang panlipunang kahalagahan na maaaring patunay na may kaugnayan ang pananampalataya at ang pagbuo ng kultural na pagkakakilanlan. Gaya halimbawa ng pagdiriwang ng kapistahan sa Obando na nagpapatunay lamang na may pagpapahalaga sa pamilya. Bukod sa isang katangian ng isang pagiging Pilipino ang pangangalaga at pagpapanatli ng isang pamilya, manipestasyon ang ritwal ng kapistahan lalo't higit iniuugnay ang sayaw sa pagbuo ng isang pamilya mula sa indibidwal na humihiling ng asawa o anak na isang hakbang sa pagbuo ng pamilya.

> Hindi lamang nagpapakita ng kakaibang ugali ng mga Pilipino na mapamahiin ang pagsasayaw sa Obando. Higit pa rito, representasyon ang kapistahang ito ng kahalagahan ng pamilya sa kulturang Pilipino. Gaya halimbawa ng kakayahan ng pagdadalang-tao ng isang ina hanggang sa ito'y kanyang isilang. Ang implikasyon nito, hinahayaan ang isang walang anak na ina na sumayaw nang mag-isa. Subalit, hindi ito ang isyu. Ang mag-asawa ang nagsasayaw nang sabay na nagpapahayag na Karamay din ang asawang lalaki sa paghiling at pagdadala ng isang anak (Sarenas, 2020). (salin)

Lunas ding maikokonsidira ang ritwal ng pagsasayaw sa Obando sapagkat isang malaking balakit sa estado ng kalusugan ng tao, lalo na ng mga mag-asawa ang hindi pagkakaroon ng mga anak. Sa usapang Pilipino, maaaring isipin kung sino ang may pagkukulang kung bakit hindi pa rin nagbubunga ang kanilang samahan. Kadalasan, nagiging isang malaking opsyon o alternatibo ang pagsasayaw sa Obando tulad na lamang ng ginawa ni Kapitan Tiago sa Noli Me Tangere upang makapagsilang sila ni Tiya Isabel ng isang supling sa ngalan ni Maria Clara. Nagiging proseso ng paghilom ang pagsasayaw at nagdudulot ito ng kaginhawahan lalo't

higit kung matutugunan ng tatlong pintakasi ang kanilang hiling na magka-anak.

> Ang ugnayan ng ritwal at personal na pangangailangan ay naipapakita hindi lamang sa kailangan ito kundi alang-alang na rin sa pagpapanatili ng kalusugan at pagpapagaling ng isang sakit (Jocano, 1967). (salin)

Malinaw na makikita rito ang ugnayan na namamagitan sa pagitan ng kultura at pananampalataya. Nagluluwal ang mga hagok ng pananampalataya ng isang buong kultura na maaaring magamit bilang matatag na pundasyon sa pagtahak tungo sa pagbuo ng isang identidad. Malaking nosyon ang mga kapistahan tulad ng sa Obando na mas makilala pa ang pinagmulan ng isang nakasanayan sa kabila ng mga ritwal at hindi mabilang na pagsasanay at gawi kung paano ito nagagawa.

Sa ganitong usapin, susunod na magiging hamon ang mga nagsusulputan pang ibang anyo ng pagdiriwang ng mga Kapistahan. Sa kabila ng malalim na historikal na pinagmulan ng mga panrelihiyong kapistahan bunga ng kasaysayan at kolonisasyon, umuusbong pa rin ang ibang lebel ng pagpapasinaya. Kung pundasyon ang kabanalan ng mga pintakasi o santo sa mga panrelihiyong kapistahan, mayroon ding tinatawag na kapistahan na sekular ang pinagmulan.

***Ang ilang mga sekular na Kapistahan***

Tulad ng mga panrelihiyong kapistahan, may kasaysayan ding nakakubli sa mga sinasabing mga sekular na kaparaanan ng pagdiriwang mula sa kung paano nagsimula ang mga ito, sa paraan kung paano ito isinasagawa hanggang sa maging bahagi na ng kalendaryo ng kanilang kasaysayan at kamalayan ng mga Pilipino. Masasabing sekular ang isang kapistahan kung hindi nagdadakila ng isang santo at walang halong pagkilala sa grasya na kanilang maaaring maibigay. Hindi sa mga pintakasi ang sentral na layon ng pagdiriwang bagkus sa mga bisibol na bagay tulad ng isang produkto na napoprodus sa isang lugar o isang materyal na bagay na pamilyar o may asosasyon dito. Ganon din, maituturing na sekular ang isang kapistahan kung nag-ugat ito sa isang kultural na penomenon na malaon, nakakasanayan na kaya't nabibigyan ng pagkilala o parangal. Kung titingnan sa Pilipinas, napakaraming kapistahan din ang masasabing sekular dahil sa naaabot na nito ang kabantugan tulad nang sa mga panrelihiyong kapistahan. Iyon nga lamang, mas napapanatili ng mga panrelihiyong kapistahan ang pagpapaigting ng pananampalataya sa kabila na nakakapam-ambag sa pangkasalukuyang kultural na kahalagahan ng isang lipunan ang mga sekular na kapistahan.

Ilan sa mga sekular na kapistahan ang mga nasa ibaba: http://www.tourism.gov.ph/sitepages/FestivitiesList.aspx?festivityCode=56&monthCode=01

**Talaan 2.**

Sekular na kapistahan

| Kapistahan | Lokasyon/ Deskripsyon | Kapistahan | Lokasyon/Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **Pasungay Festival** | Iloilo/ Pagsasabong ng mga kalabaw gamit ang kanilang mga sungay. | Hamaka Festival | Taytay, Rizal/Pagpapakita ng talent ng mga Taytayano sa Hamba (woordwork), Makina at Kasuotan. |
| Pangisdaan Festival | Navotas/Pagdiriwang ng pangingisda sa puwerta ng Navotas. | Strawberry Festival | Benguet/Pagdiriwang ng pagkakasama ng Benguet sa Guiness Book of World Record sa pamamagitan ng kanilang *Biggest Strawberry Shortcake* |
| San-aw Festival | Guimaras/Pagkilala sa mga artista at mangagawa ng naturang bayan. | Bangkero Festival | Laguna/Pagpupugay sa mga bangkero na silang tumutulong sa mga dayuhan ng naturang lgar upang makapag-ikot dito. |
| Bulaklakan Festival | Muntinlupa City/Parada ng Bulaklak at kasuotan. | Pinakbet Festival | Ilocos Sur/Pagdiriwang sa isa sa mga ipinamamalaking lutuin ng Ilocos. |
| Kawayan Festival | Laguna/Sayaw sa Daan suot ang mga Kasuotang yari sa Kawayan. | Lanzones Festival | Camiguin/Pagpupugay sa pangunahing produkto ng naturang lugar. |
| Haring Kalabaw | Marinduque/Pagpaparada ng mga Kalabaw na nay iba't ibang kasuotan. | Hundred Islands Festival | Pangasinan/Muling pagpapakilala sa mga isla hindi lamang bilang destinasyon pampasyalan kundi maaari ring pagkuhanan ng kabuhayan. |
| Pahimis Festival | Cavite/Pagpapaigting ng produktong kape ng Amadeo | Camotes Cassava Festival | Camotes Island/Pasasalamat sa mga masasaganang ani partikular na ang pangunahing produkto na cassava. |
| Ibun-Ebon Festival | Pampanga/Pagdiriwang sa pagpasok ng mga migratory bird sa Candaba. | Aswang Festival | Capiz/Pagdiriwang upang maiba ang paningin ng madla sa konsepto ng aswang. |

Kung lilimiin ang konsepto ng mga sekular na pagdiriwang na ito, makikitang mas napapaigting pa ang natibong kultura ng bawat lugar. Maaaring masabi na may promosyon ito ng lokalisasyon at nagkakaroon ng pagtanggap sa mga bagay na maaring maipagmalaki o maipamalas kung gayon naipapasok ang rehiyunal na salik ng isang kultura sa pagbuo o pagbagtas tungo sa istandardisasyon at pagtanggap. Higit na mas nakikilala ang historikal na kaligiran ng isang lugar dahil napapatingkad nito ang kultura na hiwalay sa pagtanggap sa kultura na may kaugnayan sa relihiyon.

Napatitingkad ng mga sekular na kapistahan ang ibang diwa ng pagluluklok, kagalakan at pagtukoy sa kultural na kahalagahan ng isang lugar. Sa kabila nito, makikita pa rin na malaki ang pagkakaiba ng pagdiriwang ng isang kapistahan sa pagitan ng panrelihiyon at sekular. Dito makikita na sa katangian ng mga kapistahan, may angking kakanyahan ang pagsusulong ng mga ito.

**Freymwork**

Dahil sa kwalitatibong pamamaraan ng pag-aaral, ang koneksyon ng pagtukoy sa komon na ugnayan ng panrelihiyon at sekular na kapistahan ay maipapaliwanag sa lente ng pagsusuri sa pananampalataya sa kultural na lapit sa pamamagitan ng pagpapliwanag sa ibaba. Mula sa pagpapaliwanag na ito, matutukoy ang kapistahan ng Obando bilang isang diskurso sa paglabas ng premis na ang pananampalataya higit kailanman ay hindi mawawala o mabubura. Pagtutuunan ng pansin ang pagpapakahulugan sa kapistahan ayon kay H. Vliet (2019).

Manipis ang distinksyon sa pagitan ng mga panrelihiyon at sekular na kapistahan. Sa loob ng pagsusulong ng mga ito, makikita ang apat na katangian na komon sa kanilang dalawa; una, *itinatampok ito sa pampublikong espasyo*, pangalawa, *naipagdiriwang ito sa isang tiyak na panahon*, pangatlo, *pinagpaplanuhan ang pagsasagawa nito* at pang-apat, *kakaiba ang mga karanasan na makikita o magagawa rito*. (Vliet, 2019). Sa unang katangian, naitatampok ito sa mga pampublikong espasyo sapagkat isa sa mga pangunahing layunin ng isang kapistahan ang demonstrasyon ng kanilang itinatampok na dapat makita ng lahat. Walang pagdiriwang ang hindi naisasagawa sa hindi bukas na espasyo sapagkat nasisilayan sa maramihang target na mga tagapagtangkilik ang tunay na saysay ng isang pagdiriwang. Sa ikalawang katangian, naipagdiriwang ito sa isang tiyak na panahon. Gaya ng mga tradisyon na nakasanayan,

nanggaling man ito sa kolonyal na impluwensya o sa pangkasalukuyang panahon, nakakalendaryo na ang mga gawaing ito bilang simbulo ng pagkakamarka nito sa kasaysayn. Nakaukit na sa panahon ang kabuluhan ng pagdiriwang nito at nagiging gabay na ng mga tao lalo't higit sa mga naghihintay nito kada taon. Sa ikatlong katangian, pinagpaplanuhan ang pagdiriwang nito. Walang isang kapistahan na hindi dumadaan sa proseso. Sa kontexto ng lokal na pagdiriwang sa lipunang Pilipino, may tinatawag ang bawat baryo na nagoorganisa ng mga kapistahan na *komite de festejos* na ang ibig sabihin, ito ang lupon na nagpaplano kung paano patatakbuhin ang pista sa buong pagdiriwang. Sa panrelihiyong kapistahan, isinsagawa naman ang pagplano sa pamamagitan ng Parish Pastoral Council (sa Parokya) o Sub-Parish Pastoral Council (sa mga barangay). Kung gayon, talagang hindi pakakawalan ang pagdiriwang ng isang kapistahan kung hindi ito dadaan sa mabusising pag-iisip ng mga tao o grupo sa likod nito. At sa ika apat na katangian, kakaiba ang karansaan na naidudulot ng mga kapistahan sa mga tao man o sa lipunan. Talaga namang tulad ng isang pambihirang pangyayari, may kakaibang impluwensya at impak ang bawat pagdiriwang ng mga kapistahan. May kanya-kanyang nosyon at kaparaanan sa pagsasagawa ng mga ito, nabibilang man ito sa panrelihiyong aspekto o sa sekular na lebel.

Kung tutumbasin ang sitwasyon at deskripsyon ng mga pistang panrelihiyon at sekular, makikita na bukod sa kanipisan ng pagkakaiba nito, nagtutulak lamang ang mga ito sa pahayag na kapwa nagpapaigting ng kapistahan ang kultura at pananampalataya.

Sa kultural na salik, nagkakaroon ng mas matibay na kamalayan ang mga tao sapagkat nagiging mas maigting pa ang pagkakataon na makilala nila ang mga ito. Kung sa usapin ng sekular na kapistahan, nagkakaroon ng pagkakataon ang iba't ibang henerasyon na makilala pa kung anong produkto, pangyayari, pagpapasinaya o kaganapan ang mayroon sila. Bagamat batid nila ang mga simbolismo ng mga ito, nagiging kakaiba ang kanilang karanasan kung ipinagdiriwang ito sa ilang espesyal na mga araw lalo't higit nakakintal na sa kalendaryo ng kanilang kamalayan ang halaga ng pagsasagawa nito.

> Bilang huling katangian, nagpapakita ang mga kapistahan ng mga hindi pangaraw-araw na kaganapan at gawi kung saan ang mga pagtatanghal ay naipapakita ng regular."Lahat ng uri ng kapistahan, isinasagawa man ito sa entablado o hindi, nagpapahayag ng pananaw ng mga tao sa mundo na lumilikha naman ng makabuluhang perspektibo ng pagsasama ng lahat"

> (Picard & Robinson, 2006) (salin). Nagsasabi ang ganitong mga dula ng kusang-loob na pakikiisa ng mga tao sa kapistahan, na sa kanilang kamalayan, wala silang alam kung ano ang maaaring maganap, na maaari silang sumunod sa ibang panuntunan tungo sa pakikiisa sa iba na animo'y isang panibagong realidad na nabubuo (Rippen & Bos, 2008). (salin)

Ito naman talaga ang tunay na kontexto ng isang kultural na pagpapahayag. Ang pagpapakita ng taglay nitong kabuluhan sa kabila na naririyan lamang ito. Nagiging mas matingkad ang pagtanggap dito sapagkat nagkakaroon ng pagkakataon na higit pang mapansin ang taglay nitong kabuluhan dahil sa pagdiriwang ng kapistahan. Nagiging daan lamang ang mga pagpapasinaya, ritwal, sayawan, kainan, prusisyon at parada upang mas matukoy pa nang higit ang kabuluhan nito sa kanila at sa lipunang kanilang ginagalawan. Pakatandaan na isa sa manipestasyon ng isang kultura ang taglay nitong kulay kung kaya't nagiging dynamiko ito at malaon natatanggap ng mga tao o ng isang partikular na lipunan.

> Ipinapakita ng mga kapistahan ang mga mensahe na ipinapakita hindi lamang nagdidiin sa impluwensya ng kolonyalismo kundi ng iba pa. Ipapahiwatig lamang nito kung ano ang kontribusyon ng mga natibong bahagi ng isang lipunan sa paghulma ng kanilang sariling kultura (Wendt, 1998). (salin)

Sa salik ng pananampalataya, lalo't higit sa lebel ng mga panrelihiyong kapistahan, nabubuhay muli tulad ng muling pagbibinyag ang pinanghahawakan na pananampalataya ng mga tao dahil sa taon-taong pagpapaalala na mga grasyang dulot na mayroon ang kani-kanilang patron. Hindi maiaalis ang ganitong mga paniniwala simula't sapul pa ng panahong pre-kolonyal sapagkat noon pa man, matibay na ang pananalig ng mga Pilipino. Makikita kung paano sila sumasandig sa mga puwersa ng kalikasan at nang dumating ang mga Kastila upang ipakilala ang Kristiyanismo-Katolisismo, mas nabigyan pa ng pansin ang konsepto nila ng pananalig dahil sa pagpapakilala ng isang Diyos na tila umaabot sa tao at nagpapakatao na nagbibigay ng biyaya at pagmamahal. Malinaw ang nosyon ng kapistahan na nakakatulong ito upang mas magabayan ang tao sa buhay na kanyang naisin alinsunod sa kanyang ikabubuti.

Kung gayon, masasabing walang patlang sa pagdiriwang ng kapistahan sa panrelihiyon o sekular na paraan man.

### *Ang Sayaw sa Obando Bilang Diskurso*

Mababanaag na sa pagsasayaw sa Obando, lumalabas ang dalawang salik ng pagkarelihiyoso nito kaakibat ang kultural na kabuluhan. Matibay pa rin ang paniniwala ng mga mananampalataya lalo't higit ang mga nakakatanggap ng grasya dahil sa pagkakaloob sa kanila ng mga supling. Patunay dito ang mga testimonya ng mga mag-asawa na napagkalooban ng anak matapos silang sumayaw sa Obando. Sa isang artikulo buhat sa Daily Tribune, marami pa rin ang nagsasaad ng kani-kanilang mga testimonya na nagpapaliwanag kung paano nila natanggap ang grasya ng pagkakaloob ng kahilingan ng isang supling. Isa na rito ang kuwento ni Felicitas T. Macarilay na mula 2011, nagpupunta at nagsasayaw na siya sa Obando upang humiling ng anak. Binabaybay niya ang Cagayan patungo sa Bulacan upang umindak, manampalataya at humiling. Taong 2017, nang kanilang makuha ang kanilang pinakaasam-asam. (Mirasol, 2019). Sa opisyal na Facebook post naman ng National Shrine of Our Lady of Salambao-San Pascual Baylon Parish, ang Parokya sa Obando noong 2017, inilahad ni Jenalyn Manalo ang kanyang pinagdaanan noong panahong nanalig at umaasa siya na magkaroon ng kahit isa man lang handog na anak buhat sa Diyos mula sa kanyang debosyon sa pagsasayaw sa Obando. Hindi tulad ni Macarilay, saglit na panahon lamang ang pagkakaloob sa kanya sapagkat isang taon lamang, nahandugan na siya ng biyaya ng anak. (https://www.facebook.com/page/115266758492515/search/?q=testimonya). Isa pa rin sa mga kuwento na mababasa sa Facebook ng Parokya ang kuwento nina Annalyn David at Janril David. Taong 2009 pa sila ikinakasal at hindi pa rin sila magkaanak subalit taong 2015 nang kanilang subukin na sumayaw sa Obando at taong 2016, ipinanganak ni Annalyn ang kanilang panganay na anak na lalaki. Lubos ang kanilang pasasalamat dahil matapos ang paglalakbay at paghamon sa kanilang pananampalataya, naipagkaloob din ang kanilang natatanging hiling. (https://www.facebook.com/page/115266758492515/search/?q=sayaw%20sa%20obando%20anak).

Nagpapatunay lamang ang mga ganitong kuwento na sa kabila ng hamon ng panahon at pag-alintana sa pagbabago at modernidad, bumabalik pa rin ang mga mananampalataya sa isang paraan na sa kanilang tingin, ang natatanging pinakahuling paraan upang mabigyan ng tugon ang kanilang kahilingan na siyang magpapabago sa kanilang mga buhay. Ito naman din ang layon ng pagdiriwang ng mga panrelihiyong kapistahan. Ang mapaigting at mapagtibay pa ang isang nakasanggalang paniniwala

na mayroon sa pagitan ng Diyos at tao. Sa pagkakataong ito, gumamit ng mekanismo ng sayaw na tuald ng isang awitin, ito ang pinakaartistiko o pinakabanal na gawi na mailalapit sa Diyos.

> Kahit na nagpapahayag ang isang sayaw ng mga ideolohiya, isyu man ito hinggil sa mga sayaw, paraan kung paano sayawin o ang uganyan nito sa relihiyon. Sa halip, ang tanong, Instead, with the question, "Anong mga katangian ng sayaw ang kaaya-aya bilang gawing panrelihiyon?" (Hanna, 1988). (salin)

Sa bawat pag-indak, may mga kahulugang nakakubli mula sa nararamdaman ng isang mortal, sa pagtugon sa tawag ng kalikasan hanggang sa pagsusumamo at pasasalamat sa banal na grasya na ipinagkakaloob ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga pintakasi. Mararamdaman pa rin ang tibay ng pananalig ng mga tao na sa kabila ng pagbabago ng panahon at pag-unlad ng siyensya, tumatakbo at naninibugho pa rin siya sa maaaring ipagkaloob ng kabanalan ng Diyos.

> Naipapakita ang pakikipag-ugnayan sa Diyos kung uunahin ang pagdarasal sa mga tagapamagitan kung ididirekta ito sa Maykapal. Nagpapahayag lamang ito ng pagiging tao rin ng Diyos. Sa Diyos, maaaring sa mga "santo" lamang siya nakikipag-ugnay. May maliit na pagkakataon na matugunan ang isang dasal kung direktang makikipag-usap ang tao sa Diyos. Kung gayon, tinatawag ang mga santo upang makipag-ugnayan sa Kataas-taasan upang masagot ang mga hiling sa mga nawalang bagay, magandang kalusugan, maingat na paglalakbay, masaganang ani, mahabang buhay at mga kagaya nito (Jocano, 1967). (salin)

Sa sitwasyong nagiging balakit ang pisikal na kondisyon upang maatim ang isang ninanais sa buhay, isang malaking ginhawa, lalo na sa mga mananampalataya ng kapistahan sa Obando na manalig sa maaaring ibigay na kahilingan ng mga pintakasi. Kung masusukat man ang konsepto ng pananampalataya ng tao sa Diyos, maaaring sabihin na malaki ang pundasyon ng tiwala sa harap ng isang sitwasyon na maaaring hindi na mangyayari pa subalit uubra pa pala dahil sa pananalig. Tulad nang nangyari sa mga nabanggit na testimonya, naging malaking salik ang paghihintay upang matugunan ang isang inaasam na kahilingan.

Mula sa pre-kolonyal na kondisyon ng pananampalataya ng mga Pilipino hanggang sa makarating ang mga Kastila sa pagpapalaganap ng Kristiyanismo-Katolisismo, nagkakaroon ng sandigan ang mga Pilipino

kung paano pa palalawakin at magkakaroon ng kabuluhan ang kanilang buhay na hinahamon, kung hindi man, hindi nabibigyan ng pagkakataon upang matamo ang isang grasya. Sa pagdiriwang ng kapistahan ng Obando, maging sa paglahok sa pagsasayaw dito, naiaangat nito ang pananalig sa isang Dakilang Lumikha na maaaring magdulot ng isang nilalang na bubuo o magpapakumpleto sa pag-iral ng mga naninibugho. Gayon din, dahil sa pagdiriwang ng Kapistahan sa Obando, Bulacan, naipapakita ang taglay na kultural na kabuluhan ng bayan ng Obando at naipoposisyon ito sa kultural na kamalayan hindi lamang sa 337ocal na perspektibo kundi pati na rin sa global na usapin. Tunay ngang ang isang pagdiriwang ng kapistahan nakakapang-angat ng pananampalataya at nakakapag-ambag sa kinang ng isang kultura.

## Hinuha

Malaking kontribusyon sa sining at kulturang Pilipino ang pagdiriwang ng mga Kapistahan. Dito makikita kung paano nagiging isang makulay na selebrasyon ang historikal na pinagdaanan ng bansa sa kabila ng banta ng kolonisasyon subalit ganon pa man, sa kabila ng mga hindi magagandang pangyayari dulot ng pananakop ng mga dayuhan, isang makabuluhang impluwensya na kanilang naibahagi sa loob ng mahabang 300 taon ang konspeto ng relihiyon at pananampalataya. Dahil dito, nagkaroon ng mas higit na pagkilala ang mga Pilipino sa konsepto ng kanilang sinasamba. Nang ipakilala ang Kristiyanismo, naging simbulikal na gawain ito upang magkaroon pa ng mas maraming pagkakataon ang mga Pilipino na matamo ang grasya ng Diyos dahil na rin sa pagpaparangal sa mga santo ng simbahan. Mula sa pagdiriwang ng Sto. Niño, na itinuturing na isa sa mga pinakamaimpluwensyang paraan ng kapistahan ng mga Pilipino na may iba’t ibang anyo, mas nagiging pamilyar ang tao sa kung paano naging tao ang anak ng Diyos. Ito rin ang selebrasyon na mayroon sa San Beda University sa pamamagitan ng Pista ng Sto. Niño tuwing makahuling Biyernes, Sabado at Linggo ng Enero kung saan may partisipasyon ang buong sangay ng institusyon upang maitawid ang karangalan ng Sto. Niño de Prague. Sa ganitong pagdiriwang din nagkakaroon ng pagkakahalintulad sa Kapistahan sa Obando, Bulacan kung saan naipapakita naman ang mga pintakasi na inilalapit ang biyaya ng Diyos sa buhay ng tao sa pamamagitan ng pagbibigay kabuluhan sa buhay ng mga wala pang anak. Dito nararamdaman ang isang tunay na kahulugan ng pananampalataya kung saan nakukuha sa paghihintay at marubdob na pananalig upang matugunan ang isang hiling na maaaring magpabago sa buhay ng mga mag-asawa. Nagmimistulang sagrado ang

ritwal na pagsasayaw sa Obando upang makatugon sa isang minimithing dasal na katumbas ay buhay at walang hanggang kaligayahan ng mga mag-asawa. Sa kabila ng pagdiriwang ng mga panrelihiyong kapistahan gaya ng sa Sto.Niño at pagsasayaw sa Obando, may iba pa ring anyo ng kapistahan na naipagdiriwang ang mga Pilipino na maaring matukoy bilang sekular na kapistahan. Sa ganitong anyo ng pagdiriwang, tulad ng mga panelihiyong pagdiriwang, may nagaganap pa ring selebrasyon ngunit hindi nakaimbulog sa konteksto ng grasya ng isang kabanalan bagkus pagkilala sa mga produkto, pangyayari o kondisyon ng isang partikular na lugar at nagiging daan ang pagsasagawa ng mga kapistahan upang mas makilala pa kung hindi man, maibalik sa kalikasan ang taglay na biyaya na mayroon na nakukuha ng mga tao dahil dito. Magkaganon man, manipis lamang ang distinksyon ng mga panrelihiyong kapistahan sa mga sekular na kapistahan. Kapwa nagpapaigting ito ng turismo. Mas nakikilala ang lugar na kalahok sa pagdiriwang at higit sa lahat, mas nagkakaroon ng kamalayan ang tao sa nosyon ng pagdiriwang dahil mas higit nilang nakilala ang kanilang identidad sa isang lipunan (para sa sekular na kapsitahan) at kabuluhan ng kanilang pag-iral (para sa panrelihiyong kapistahan).

Sa huli, makikita at mararamdaman pa rin ang ugnayan na mayroon sa pagitan ng kultura at pananampalataya. Bahagi ng isang kultura ang mga nagaganap sa pagsasagawa ng mga manipestasyon ng pananampalataya at mas nagagamit ang nosyon ng marubdob na pagtugon sa taglay na pananampalataya dahil sa kultural na indikasyon na mayroon sa isang lipunan.

## Natuklasan

Nahahati ang pagdiriwang ng Kapistahan sa Pilipinas sa kabila na bunga ito ng pagluwal ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo-Katolisismo sa bansa. Masasabing, sa unang banda, may kapistahan na alinsunod sa kadakilaan ng isang banal o ni Kristo at ito ang kapistahan na sinusundan ng mga lokal na simbahan. Higit na mas napapaigting ang pagdiriwang dito sapagkat naka-angkla na sa kasaysayan at sibilisasyong Pilipino at impluwensya ng relihiyon at pananampalataya. Sa kabilang banda naman, may mga kapistahan na maituturing na sekular ang kaligiran o pundasyon sapagkat hindi ang pagkarelihiyoso nito ang itinatampok bagkus kundi ang mga produkto na ipinamamalaki o bantog sa lugar na iyon. Kung gayon, masasabing may dalawang lebel ang konsepto ng Kapistahan sa Pilipinas,

isang panrelihiyong Kapistahan at isang pang-sekular o hindi pangrelihiyosong pagdiriwang.

## Rekomendasyon

Maaaring pagtuunan ng pansin ang iba pang salik ng pagsusuri sa mga kapistahan sa pamamagitan ng pagtutuon sa iba pang aspekto na nakapaloob dito maliban sa pananampalataya. Dahil sa kulay na taglay na mayroon ang mga kapistahan, maaring iugnay ang pagsusuri nito sa mga isyu o ugnayang panlipunan na maaaring kaaikibat ang ekonomikal na suliranin. Halimbawa na rito ang tumbasan na mayroon sa pagitan ng mga mayaman at mahirap na mula sa kung paano nagdiriwang o nagsasagawa ng isang kapistahan hanggang sa mga simbulismo na mayroon ang isang kapistahan na maaring hudyat ng elitismo, pagka-burgis o masang konotasyon. Mainam din na matuklasan ang iba pang anyo ng kapistahan na maaring makita sa lente ng ibang perspektibo na maaaring maging higit na mas kultural, antropolohikal o sosyolohikal.

## Mga Sanggunian


Delos Reyes, R. (2001). *Obando: Alamat ng isang sayaw*. http://www.oocities.org/obando81/tg/home.html.

Domingo, M. (2007). *Bayang pinagpala*. Municipal Government of Obando, Bulacan.

Gomez. L.R. (1967). Sri Yijava and Madjapahit. *Philippine studies. 15* (1). 93.

Guevarra, S., Gatchalian, C., & Tiatco, A. (2014). Performing cosmopolitan entanglement in the Philippine Pista: Sariaya Agawan Festival. *Social Sciences Diliman. 10*(2). 1-29.

Hannah, JL. (1988). The representation and reality of religion in dance. *Journal of the American Academy of Religion. 56*(2). 281-306.

Jocano, F.L. (1967). Filipino catholicism: A case study in religious change. *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives of Asia*. 42-64.

Maiquez, R. (2016). Examining flow through auto-ethnography and performance studies: The Sinulog Festival in Cebu, Philippines. *AKDA: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance*. http://ejournals.ph/article.php?id=10469.

Mirasol, Patricia. (2019 May 14). The Fertility Dance and stories of faith. *The Daily Tribune.* https://tribune.net.ph/index.php/2019/05/14/the-fertility-dance/amp/.

Picard, D., & Robinson, M. (2006). Remaking worlds: Festivals, tourism and change. In D. Picard & M. Robinson (Eds.), *Festivals, Tourism and Social Change. Remaking worlds*. 1-31. Cannel View Publications.

Rippen, J., & Bos, M. (2008). *Events & Beleven: het 5 wheel-drive concept*. Amsterdam: Boom.

Roten, J. & Janssen, T. (2014). Jesus as a child. https://udayton.edu/imri/mary/c/childhood-of-jesus.php.

Sarenas, L. (2020). *Philippine's Obando fertility rites: A view on the filipino familial culture*. http://blog.aseankorea.org/?p=175.

Scott, W.H. (1980). *Filipino class structure in the Sixteenth Century*. Ateneo De Manila University.

Sese, D. & Landy, T. (2016). *Obando feast of the three saints and fertility dance. Catholics & Culture*. https://www.catholic sandcultures.org/feasts-holy-days/obando-feast-three-saints-philippines.

Vliet, H. (2019). *What is a festival?* https://www.researchgate. net/publication/ 330359431_What_is_a_festival.

Wendt, R. (1998). Philippine fiesta and colonial culture. *Philippine Studies. 46*. 3-23.

Wong, A. (2019). *History of Infant Jesus of Prague: Sto. Niño, We honor, bless and love you!* https://catholicsstrivingforholiness .org/santo-nino-we-honor-bless-and-love-you-history-of-infant-jesus-of-prague/